# "OKAY NA TO"

*by:*
**Desiree Mangoba- Dela Cruz**
*Teacher III, Mariveles National High School*

Sa silid-aralan, may tinig na nagmumula,
Hinahamon ang kawalang-kibo't pagtanggap sa "Ok na to."
Mga pangarap ng kabataan, nalulunod sa katiwalián,
Guro't mag-aaral, sabik sa pagbabago't tagumpay na tunay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bawat araw, hamon ang dala ng panahon,
Mga aralin, dapat makisabay sa agos ng modernisasyon.
Ngunit paano kung ang sistema'y luma at hindi na umaakma?
Ang sagot: wakasan ang pagtanggap sa mediokridad na nakakasakal.

Hindi okay ang "okay na to," sabi ng pusong may malasakit,
Dapat itaas ang antas, huwag magpatali sa limitasyon ng isip.
Ang bata'y hindi lamang numero sa markahan,
Kundi isipang malaya, handang humarap sa hamon ng buhay.

Guro, ikaw ang tanglaw sa dilim ng kawalan,

Ituro ang halaga ng pagpupunyagi't paglaban.

Huwag magpakamanhid sa sigaw ng kabataan,

Itaguyod ang edukasyong nagbibigay-daan sa kanilang kinabukasan.

Magulang, maging bahagi ng pagbabagong ito,

Huwag pabayaang ang paaralan ay maging lungga ng kawalan ng pag-asa.

Ang bawat hakbang tungo sa pagbabago'y nangangailangan ng lakas,

Ng sama-samang pagkilos, ng walang humpay na pagtataguyod.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Hindi okay ang "ok na to," ito'y ating isigaw,

Para sa kinabukasan ng mga batang nangangarap nang mataas.

Ang edukasyon ay sandata, huwag hayaang mangalawang,

Sapagkat ang bawat pagbabago'y simula ng tagumpay na walang hanggan.

*References:*

Macababbad, E. (2024, December 3). Basic education system needs to get off cycle of mediocrity. The Varsitarian. https://varsitarian.net/editorial/20240630/basic-education-system-needs-to-get-off-cycle-of-mediocrity